

“Ilang tala tungkol sa proseso ng pagsasalin”
Dr. Galileo S. Zafra, Direktor
U.P. Sentro ng Wikang Filipino

Layunin: Ipaliwanag ang ilang batayang prinsipyo sa pagsasalin

Kahulugan ng Pagsasalin

Translation. An incredibly broad notion which can be understood in many different ways. For example, one may talk of translation as a process or a product, and identify such sub-types as literary translation, technical translation, subtitling and machine translation; moreover, while more typically it just refers to the transfer of written texts, the term sometimes also includes interpreting.

Mula sa *Dictionary of Translation Studies* (Shuttleworth and Cowie, 1997):

Mga uri ng Pagsasalin

1. Intralingguwal na pagsasalin—pagsasalin sa loob ng parehong wika na maaaring nasa anyo ng *rewording* o *paraphrase*
2. Interlingguwal na pagsasalin—pagsasalin mula sa isang wika patungo sa ibang wika
3. Intersemyotikong pagsasalin—pagsasalin ng isang verbal na senyas patungo sa isang di-verbal na senyas

Ano ang Puwedeng Isalin?

Sinabi ni Jacobson:

“All cognitive experience and its classification is conveyable in any existing language.”

Gayunman, sinabi rin niya:

“Only poetry by definition is untranslatable since in verse the form of words contributes to the construction of the meaning of the text.”

Paraan ng Pagsasalin:
Literal at Malaya

Literal na salin--mahigpit na pagsunod ng tagasalin sa leksikal at sintatikong mga katangian ng ST.

Halimbawa ng Literal na Salin:

Orihinal	Salin
<p>Use visual cues when a program makes a sound</p> <p>You can configure Windows to provide a visual cue when a program makes a sound. For example, you can specify that Outlook provide a visual cue when it finishes running the spelling checker on a message. In any instance where the program makes a sound, its taskbar button flashes.</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Click Start, and then click Control Panel. 2. Click Accessibility Options. 3. Click Accessibility Options. 4. Click the Sound tab, and then select the Use ShowSounds check box. <hr/>	<p>Gumamit ng biswal na hudyat kapag gumawa ng tunog ang isang programa</p> <p>Puwede mong ikumpigura ang Windows para magbigay ng biswal na hudyat kapag gumawa ng tunog ang isang programa. Halimbawa, puwede mong itakda na magbigay ng biswal na hudyat ang Outlook kapag tapos na nitong patakbuhan ang tagawasto ng baybay sa isang mensahe. Sa sandaling gumawa ng tunog ang programa, kikindat ang botong tungkulin bar nito.</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Iklik ang Simula, at pagkatapos, iklik ang Kontrol Panel. 2. Iklik ang Opsiyon sa Aksesibilidad. 3. Iklik ang Opsiyon sa Aksesibilidad. 4. Iklik ang Tunog tab, at pagkatapos, piliin ang Gamitin IpakitaTunog kahong tsek.

Malayang salin—binabago ang pang-ibabaw na katangian ng pahayag (surface expression) at pinananatili lamang ang mas malalim na lebel ng kahulugan.

Halimbawa ng Malayang Salin:

Orihinal	Salin
<p>In 1954, the family moved to Bambang, a crowded section of the poor district of Tondo. In these new surroundings, Bencab was exposed to a motley group of down-to-earth people, living a hand-to-mouth existence. Even as a small child, Bencab experienced selling local <i>komiks</i> door to door and hand towels to jeepney drivers to make a little money for himself. His father was an ordinary government employee, struggling to support his large family.</p>	<p>Noong 1954, lumipat ang kaniyang pamilya patungong Bambang, isang masikip na bahagi ng maralitang distrito ng Tondo. Sa bagong kapaligirang ito, nalantad si Bencab sa halo-halong grupo ng mga tao na isang-kahig-isang-tuka ang pamumuhay. Kahit noong paslit pa lamang siya, naranasan na ni Bencab na maglako ng komiks sa mga bahay-bahay at ng tuwalya sa mga drayber ng dyip para kumita ng kaunting pera. Isang karaniwang empleyado ng gobyerno lamang ang kaniyang ama na nagsisikap na itaguyod ang isang malaking pamilya.</p>

Kailan malalaman kung anong pamamaraan ang angkop?

Halimbawa:

Orihinal	Salin
<p>Mula sa <i>Nokia 6020 User's Guide</i></p> <p>Hello</p> <p>Make the most of your life with the Nokia 6020. Its stylish and simple design reflects its functionality in every way—professional and easy to use, making it a great addition to your mobile lifestyle.</p>	<p>Hello</p> <p>Gawin ang makakaya sa iyong buhay sa pamamagitan ng Nokia 6020. Ang maistilong kapayakan ng disenyo nito ay nagpapakita ng pagganap sa bawat</p>

	<p>paraan—propesyunal at madaling gamitin, ginagawa ito na isang mahusay na karagdagan sa inyong mobile na pamumuhay.</p> <p><u>Alternatibong Salin</u></p> <p>Pagbati</p> <p>Lubus-lubusin ang buhay sa pamamagitan ng Nokia 6020. Ang disenyo nitong sunod sa uso at simple ay naglalarawan ng iba't ibang gamit nito—propesyonal at madaling gamitin, isang napakagandang karagdagan sa iyong mobile na pamumuhay.</p>
--	---

Nagiging di-katanggap-tanggap ang literal na pagsasalin kapag ang resultang salin ay:

- Nagbibigay ng ibang kahulugan
- Walang kahulugan
- Hindi posible ang estruktura

Yunit ng pagsasalin

Tumutukoy sa antas ng wika na gamit sa muling pasasakodigo (*recodify*) ng ST patungong TL. Sa madaling sabi, ito ay ang elementong ginagamit ng tagasalin kapag nagsasalin ng ST. Maaaring ito ay isang salita, grupo ng salita, pangungusap, o kahit ang buong teksto.

Orihinal	Salin
Change the time on your computer 1. Click Start , and then click Control Panel . 2. Click Date, Time, Language, and Regional	Baguhin ang oras sa kompiyuter mo 1. Iklik ang Simula , at pagkatapos, iklik ang Kontrol Panel . 2. Iklik ang Petsa, Oras, Wika, at O

Options. 3. Click Date and Time.	Rehiyonal. 3. Iklik ang Petsa at Oras.
---	---

Ilang Praktikal na Patnubay sa Pagsasalin

Pinagmulang Teksto (ST)	Pagsasalin	Komentaryo/Patnubay
Weakness	Panghihina	1. Gumamit ng literal na salin kung maipapahayag nito ang nilalaman ng ST
Heart beating fast	mabilis na pagtibok ng puso	
Easily tired	madaling mapagod	
More irritable than usual	Mas magagalitin kaysa karaniwan	
Fatigue or exhaustion	Pagkapagod o pagkahapo (pagkapagal)	2. Piliin ang mas maiintindihan ng target reader
Diarrhea	pagkukurso, pagtatae , diyariya (diarrhea)	
Depressed	malungkot , namimighati, nagdadalamhati	
Anxious	1. naiinip; 2. nag-aalala, nababahala, nababalisa, hindi mapalagay; 3. nananabik	3. Kailangan ng maingat na pagsusuri sa konteksto ng ST para matiyak ang angkop na salin
Tremble or shake	manginig, mangatal (takot); mangaligkig (lamig); mangatog (pagod)	
Irritable	1. magagalitin; 2. sumpungin; 3. maramdamin	
Restless	1. balisa, maligalig, hindi mapalagay, hindi mapakali; 2. hindi makatulog	
Intense craving	matinding pananabik/ paghahangad/pagmimithi	
Change in appetite	pagbabago sa pagkagana/panlasa	
Muscle aches or cramps	pananakit ng kalamnan/sakit ng kalamnan o pamumulikat	4. Kilalanin ang mga idiyomatikong pahayag at gamitin kung mas angkop
Stomach ache	Sakit ng tiyan	
Headache	Sakit ng ulo	
Short of breath	nangangapos ng paghinga	
Easily startled	Magugulatin o madaling magulat	

Difficulty keeping your mind on what you were doing	nahihirapang tumutok sa ginagawa mo (lit: nahihirapang panatilihin ang isip mo sa ginagawa mo)	5. Iwasan ang literal na salin kung magiging kakatuwa ang resulta nito
Afraid that you might lose control of yourself, act in a crazy way or pass out	Takot na puwedeng mawala ka sa sarili mo, magwala, o mahimatay (lit: takot na puwede kang mawalan ng kontrol sa sarili mo, kumilos sa isang luko-lukong paraan, o mahimatay)	
Nausea or vomiting	pagduduwal dahil sa pagsama ng sikmura o pagsusuka	6. Maglagay ng qualifier para gawing mas malinaw ang salin
Social interaction	Interaksiyong sosyal, pakikipagkapuwa	7. Humanap ng katutubong konsepto para itumbas sa konsepto sa SL
Social adaptation	Pakikibagay , pakikitungo	8. Piliin ang mas pamilyar o madalas gamiting salita
attitude	Saloobin , atityud, opinyon, palagay	9. Conceptual fertility
subject	Kalahok , katulong, kawaksi, subjek	10. Maging sensitibo sa mga konotasyon
prejudice	Prejudis , paghamak, pagmamalaki, pang-iisinab, rehiyonalismo	11. Manghiram kung wala talagang katapat sa kultura ng TL
psychologist	Sikolohista , sikologo	12. Maging sensitibo sa mga konotasyon at iba pang asosasyon sa salita

Konotatibong Kahulugan sa Pagsasalin

Kahulugang Konotatibo (konotasyon)—tumutukoy sa karagdagang mga kahulugan na nakukuha ng isang leksikal na aytem; emosyonal na tugon na napupukaw sa tumatanggap ng salita

Dinivelop ni Eugene Nida ang konsepto ng *semantic space* para suriin ang mga salita batay sa mga sumusunod:

5 4 3 2 1

good ←-----→bad
strong←-----→weak
active ←-----→passive
technical←-----→informal

Subuking ilagay sa *cline* ang mga sumusunod na salita:

1. ina, nanay, mommy, mother, mama, mudraks, ermats, madir
2. guro, maestro, propesor, titser
3. katulong, kawaksi, katuwang, kasama, alalay, asistant, alila
4. kasambahay, alila, alipin, katulong, maid, DH, PA
5. puta, sex worker, pokpok, GRO, hostess, prosti

Hakbang sa Pagsasalin/Panghihiram ng Salita

1. Korpus ng Filipino
2. Salita mula sa Ibang Rehiyonal na Wika
3. Hiram sa Kastila (baguhin ang baybay)
4. Hiram sa Ingles (baguhin ang baybay o panatilihin ang orihinal na baybay)
5. Lumikha

Implikasyon sa sign language interpreting

1. Sa dami ng mga konsiderasyon kapag nagsasalin, isang pambihirang kahingian para sa interpreter ang maisalin nang maayos at matapat ang verbal language patungo sa sign language o sign language patungo sa verbal language.
2. Maaaring makatulong ang estandardisasyon ng sign language para mabawasan ang pagkakaiba-iba sa proseso ng sign language interpreting.